# MAY PUWANG KA PA BA?: PAGGALUGAD SA SALOOBIN HINGGIL SA PAGGAMIT NG FILIPINO SA MGA PILING ASIGNATURA NG GEC (GENERAL EDUCATION CURICULUM)

**Alfredo D. Trinidad**[1]
[1]Assistant Professor, Technological University of the Philippines-Manila, Philippines

Corresponding Email: alfredo_trinidad@tup.edu.ph

Available Online: May 2023
Revised: April 2023
Accepted: February 2022
Received: January 2022

Volume I Issue 2 (2023)
DOI: 10.5281/zenodo.8031609
E-ISSN: 2984-7184
P-ISSN: 2984-7176
https://guildofeducatorsintesol.international/research/

**Abstrak**
Ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino ay nararapat lamang na malinang nang lubusan ng mga tagapagturong may sapat na kasanayan. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pagsusuring palarawan, upang malinaw na makita ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino sa paraan na pagpapahayag ng kanilang saloobin.Nilayon ng pag-aaral na ito na malaman ang saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Filipino sa mga piling asignatura ng GEC (General Education Subject) kabilang dito ang GEC 5 (Purposive Communication),GEC 2 (Readings in Philippine History),GEC 1 (Understanding The Self) at GEM 14 (The Life and Works of Rizal). Sinusuri rin dito ang mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto sa naging negatibong saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. At bilang midyum sa mga piling asignatura, 33 o 27.50% ng mga mag-aaral ay may negatibong tugon samantalang (87 o 72.50%) karamihan ay nagsabi na kailangan, mahalaga, nakatutulong, madaling gamitin, at gamitin pa sa ibang asignatura. Ang mga respondent ay napatunayan na batid nila na ang paggamit ng Filipino ay isa sa mga wikang panturo sa mga piling asignatura sa antas tersarya at ang walang pagkakaibang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino ay nagpapakita ng kanilang positibong pagtanggap sa Filipino ay kinakailangan sa kanilang pagkatuto. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay kailangang mabigyan ng mga kaukulang gawain kaugnay sa wika upang mapahalagahan ang kanilang saloobin at lalong magamit ang wikang Filipino bilang unang wika sa paraang pasulat at pasalita.

***Mga Pangunahing Salita:*** *Asignatura, GEC (General Education Curriculum), Saloobin, Wikang Filipino*

## INTRODUKSYON

Ang wika ay behikulo sa pakikipagtalastasan. Ito'y patuloy na pinayayabong at umuunlad sa pamamagitan ng paggamit nito sa pang-araw-araw na gawain at maging sa kalakalan. Ang pangangailangan sa pagpapayaman nito at pagiging dalisay ay nararapat na pagtuunan at bigyang pansin sa patuloy na pagsulong ng buhay.

Kaugnay nito, ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino ay nararapat lamang na malinang nang lubusan ng mga tagapagturong may sapat na kasanayan. Samakatuwid, ang kakayahan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood ay dapat lamang na mapaunlad upang sa inaasahang panahon sa paggamit nito ay handang- handa na kung ang wikang sariling atin ang pinag-uusapan.



CC BY SA

Kung may iba't ibang layunin ang tao sa pag-aaral, may sari-sari rin silang saloobin sa kanilang pinag-aaralan. Sa mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino ay hinihingi at kinakailangan. Kinakailangan ito sapagkat bahagi ito sa pagpipiliang wika na maaaring gamitin sa mga asignaturang laan ng bagong kurikulum at hindi hinihingi dahil sa nais lamang ng mga nakararaming mag-aaral.

Sa kasalukuyan, napatunayan na ang paggamit ng wikang Filipino ay naging mabisang daan upang maiparating sa taong bayan mula Aparri hanggang Jolo kung ano ang nais ipabatid ng pamahalaan para sa kapakanan at ikabubuti ng mamamayan, lalong-lalo na sa panahon ng pandemya at krisis na naranasan ng bansa. Gamit ang wika sa tulong ng telebisyon, radyo at makabagong teknolohiya, mga apps gamit ang internet, naiparating nang maayos, malinaw at magaan ang anumang panawagan, anunsyo at naisin ng pamahalaan sa mamamayan.

Sa kasalukuyan, maraming mga guro ang mahusay na nakapagtuturo gamit ang wikang Filipino sa iba't ibang disiplina. Ang makapagbigay ng mga impormasyon, maging mga kawikaan para sa mga mag-aaral sa paksang kanilang tinatalakay.Ang guro ay malikhain, mapamaraan, may pagpapahalaga at may pag-unawa sa kanyang mga mag-aaral. Pinauunlad ng guro ang iba't ibang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood. Nililinang ng guro ang kasanayan sa pag-unawa ng mga ideya, pagbibigay-kahulugan, pagsasaayos ng mga pangyayari, pagkuha ng mga impormasyon, pagbibigay ng kuru-kuro at ang pagbuo ng mga detalye. Kaya ang guro ay naglalaan ng panahon sa pagtuon at pag-aaral ng mga saloobin ng mga mag-aaral. Ang naisin ng guro na makamit ang malawak na pag-unawa at kaalaman sa taglay na damdamin ng mga mag-aaral. Ito ay isang mabisang paraan upang makuha ang pagpapahalaga sa isang asignatura at makatulong upang maging daan sa puspusang pagpapaunlad ng aralin.

Ang bagong General Education Curriculum o GEC ng Commision on Higher Education (CHED), sa mga mag-aaral ay binago at naglalayong lalong paigtingin nito ang paglinang sa agham at teknolohiya. Ang magkaroon ng higit na kaalaman at kasanayan ang mga mag-aaral kaugnay ng mga pangangailangan sa kasalukuyang panahon.

Taong 2013, nang ipatupad ng komisyon ang CHED memorandum Order 20, s.2013 na naglalaman ng bagong listahan ng mga kursong General Education Curriculum (GEC) sa kolehiyo. Bunsod ng pagbabago kailangan din sumunod ang paggamit ng wika batay sa pagbabago sa sitwasyon ng polisiyang pangwika sa edukasyon at sa iba pang aspekto ng lipunan. Bagama't ibinaba sa Senior High ang asignaturang Filipino dahil sa pagpasok ng K12 kurikulum hindi naman isinantabi nito ang paggamit ng wika. Binigyan ang laya ang mga institusyon, mga guro sa kolehiyo na gamitin ang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignaturang Agham Panlipunan at Edukasyong Pagpapahalaga alinsunod sa naunang dating kautusang pangkagawaran bilang 25, s1974.

Pinag-ibayo sa bagong memorandum ng komisyon, CMO No.20, series-2013, ang pagbuo ng bagong silabus ng GEC, CHED sa Filipino at Ingles, at maituro ito sa parehong wika. Sinundan ito ng CMO No.8, series of 2017 na may parehong layunin na ituro ang bagong GEC sa Ingles at Filipino.

At mula sa saligang batas ng bansa, kailangang umayon sa isinasaad ng binuong Konstitusyon ng 1986, sa Artikulo XIV, Seksyon 6:

"Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon."

Nilalayon ng pag-aaral na ito na malaman ang saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Filipino sa mga Piling Asignatura ng GEC (General Education Subject) kabilang dito ang GEC 5 (Purposive Communication), GEC 2 (Readings

in Philippine History), GEC 1 (Understanding the Self) at GEM 14 (The Life and Works of Rizal). Sinusuri rin dito ang mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto sa naging negatibong saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Totoong ang mga dalubhasaan at mga pamantasan ay nararapat sumunod sa kautusang dapat gumamit ng wikang pambansa bilang midyum na panturo ngunit di maikakaila na mayroong mga suliranin at balakid sa paggamit ng wikang Filipino sa bahagi ng mga mag-aaral, ang kanilang pansariling saloobin at kaisipan sa kahalagahan ng Filipino bilang wikang panturo. Ang mga suliranin at balakid na ito ang siyang nagtulak sa mananaliksik tungo sa pag-aaral upang matiyak ang kanilang totoong saloobin at pagpapahalaga sa wika at mabigyan ng pinakamabisang katugunan ang mga ito sa nararapat na pamamaraan.

Ang tunay na kahalagahan ng pagkatuto ayon kay Dewey (1950), ay napapaloob sa tatlong konsepto; mga kagamitan, ang kurikulum at ang kahandaan ng guro. Ngunit sa lahat, kahandaan ng guro ang mangingibabaw sapagkat walang halaga ang lahat kung ang guro ay walang kahandaan.

Sa pamaraang penemolohikal Mayor-asuncion (2015) nilayon nyang matuklasan ang pananaw ng mga gurong-kalahok hinggil sa kanilang papel/gampanin bilang mga guro ng akademikong wika sa antas tersyarya. Apat na tema ang namayani sa lumabas na 32 makabuluhang pahayag mula sa 17 kalahok: (1) gampaning pragmatiko, (2) gampaning idealistiko, (3) gampaning sentimental at (4) gampaning personal. Tinalakay ang kaugnayan ng bawat isang tema sa mga natuklasan sa mga nakalipas na pag-aaral hinggil sa pagtuturo ng akademikong wika at ang implikasyon nito sa pagtatamo ng akademikong wika ng mga mag-aaral ng Filipino. Lumitaw ang samu't saring gampanin ng mga guro ng wika batay sa kinalabasan ng pakikipanayam. Bagamat makatwiran ang mga nakikitang gampanin ng bawat guro ng Filipino, hindi rin maikakaila na may kakulangan sa pag-unawa sa tunay na konsepto ng akademikong wika ang mga gurong-kalahok. Halos ang lahat ay nakatuon sa pagtuturo ng Filipino bilang wika ng komunikasyon at bilang isang tungkuling panlipunan. Subalit hindi ganap na natukoy ang pagtuturo ng Filipino upang magamit ito sa pagtalakay ng higit ng matatayog na kaisipan.

Sa papel ni Madula et.al., (2019) dinalumat nya ang naging karanasan ng mga mananaliksik sa kanilang pakikipag-ugnayan sa komunidad ng mga Pilipinong naninirahan sa Venezia, Italya at pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa mga bata. Gamit ang penomenolohikal na pagsusuri sa kanilang karanasan, nakita ng mga mananaliksik ang malaking papel na ginagamapanan ng sining sa integrasyon nito sa pedagohiya at pagtuturo sa mga bata at kabataan. Napagtanto sa pag-aaral na ito na ang mga ginamit na estratehiya at dulog sa pagtuturo ng mga guro gamit ang iba't ibang anyo at genre ng sining at literatura, mula sa mga aktibidad nito, ay nakatulong ng malaki sa pagpapakilala sa mga bata at kabataang lumaki at mas pamilyar sa wika at kultura ng bansang Italya.

Binigyang diin ni Benito (2023) sa kanyang Quantitative na disenyo ng pag-aaral ang kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Natanto sa pag-aaral na ito na ang pangunahing kahinaan ng mga guro sa pagtuturo ay ang kakulangan sa kasanayan at katatasan sa paggamit at pagsasalita ng wikang Filipino. Ang katanungan sa pagsusulit ay nakasulat sa Filipino subalit sa pagtuturo ay gumagamit ng unang wika o Mother Tongue ang guro. Ito ang maaaring dahilan kung bakit mababa ang resulta ng Pambansang Pagsusulit o National Achievement Test (NAT) sa rehiyon. Nakita rin na ang pagtuturo ng pagsulat ng mga sulating pananaliksik ay nararapat lamang na pagtuunan ng pansin ng mga guro ngunit ito ay hindi nagpapakita ng malaking suliranin sa pagtuturo. Makakatulong ang mga karagdagang seminars o pagsasanay sa Filipino upang mas maging handa ang mga guro sa pagtuturo.


cc BY SA

Nalaman din na ang mga guro na may regular na katayuan sa pagtuturo ay mas handa sa pagtuturo ng Filipino sapagkat mas nakalalamang sila sa usaping kaalaman sa paksa at kagamitan sa pagtuturo. Nakita na mas nakaaangat ang mga guro na regular sa pagtuturo sa isyung pampinansyal kaya naman wala masyado silang suliranin sa pagtuturo.

Nilalayon ng pag-aaral ni Dominguez (2022) na alamin ang gamit ng wikang Filipino sa pagtuturo sa larang ng agrikultura. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong basic qualitative at discourse analysis. Ang discourse analysis ay nagamit upang masuri ang paggamit ng wikang Filipino sa talakayan sa klase. Sa pagsusuri sa pahayag ng mga guro, lumabas na ang wikang Filipino ay ginagamit bilang estratehiyang pangkomunikasyon, wikang pantulong at panlinaw sa mga katawagang teknikal. Ang persepsyon naman ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino ay lumabas ang mga tema na madaling maintindihan ang paksa, madaling ipahayag ang ideya, mas masigla ang interaksyon at mas malalim ang mga ideyang ibinabahagi. Ayon naman sa mga mag-aaral ay mas madaling maintindihan ang mga katawagang teknikal, malayang naipapahayag at naibabahagi ang mga ideya at mas madaling naipapaliwanag ng mga guro ang paksa. Sa kabuuan, naipakita sa pag-aaral na nagagamit ang wikang Filipino sa mga talakayan sa agrikultura; may pagkakahawig ang persepsyon ng guro at mag-aaral; at kapwa sila naniniwala na nakatutulong ang wikang Filipino sa kanilang talakayan.

Sinuri ni Juancho (2021) ang pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro ayon sa pagtatayang technological knowledge (TK), pedagogical knowledge (PK), content knowledge (CK), at napatunayan ang kasanayan ng mga guro sa asignaturang Filipino hinggil sa paggamit ng makabagong teknolohiya at makabuo ng isang programang lilinang sa kakayahan ng mga guro na nakatuon sa kahalagahan ng TK, PK at CK sa limang kampus ng Jose Rizal Memorial State University, taong panuruan 2018-2019. Lumabas sa pag-aaral na ang taong panunungkulan (TP) ng guro ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kabihasaan sa teknolohikal na kaalaman o technological knowledge (TK), pedagohikal na kaalaman o pedagogical knowledge (PK) at kaalamang pangnilalaman o content knowledge CK). Subalit ang mga rho value ay puro positibo na nagpapahiwatig na kapag tataas ang taon ng panunungkulan (TP) ng guro, mayroong probabilidad na tataas din ang antas ng kabihasaan sa teknolohikal na kaalaman o technological knowledge (TK), pedagohikal na kaalaman o pedagogical knowledge (PK) at kaalamang pangnilalaman o content knowledge (CK).

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino sa paraan na pagpapahayag ng kanilang saloobin sa antas tersarya ng Technological University of the Philippines-Manila. Sinikap ng mananaliksik na maisakatuparan ang pag-aaral sa pamamagitan ng masusing paglikom sa mga kasagutan hinggil sa pagpapatunay na may makabuluhang ibubunga ang pag-aaral na ito.

### Instrumento at Respondente sa Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng instrumentong talatanungan sa paglalahad ng mga saloobin tungkol sa paggamit ng Filipino sa antas tersarya, sa mga asignaturang GEC 5 (Purposive Communication), GEC 2 (Readings in Philippine


CC BY SA

History), GEC 1 (Understanding the Self), at GEM 14 (The Life and Works of Rizal). Ang mga respondent ay pawang mag-aaral na nasa iba't ibang kurso na nasa antas tersarya ng Technological University of the Philippines-Manila. Kumuha ng isang daan at dalawampu (120) kabuuan bilang ng mga mag-aaral na nagmula sa mga paturuan ng College of Industrial Education (CIE), College of Liberal Arts (CLA), at College of Industrial Technology (CIT). Sa pagpili ng mga respondent, ginamit ang ramdom sampling sa mga piling mag-aaral.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHALAGA NG MGA DATOS

Upang lubos na maunawaan ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito, inilahad nang sunod-sunod ang mga detalyadong sumasagot sa mga inilahad na suliranin.

### Paglalahad ng Saloobin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa mga Piling Asignatura sa Antas Tersarya

Makikita sa mga talahanayan ang saloobin ng mga mag-aaral sa mga sumusunod na kraytirya: Pangkalahatang saloobin ng paglalahad ng mga dahilan kung bakit nais o ayaw ng mga mag-aaral ang paggamit ng Filipino, pangkalahatang saloobin ukol sa paggamit ng Filipino sa mga piling asignatura sa antas tersarya, pangkalahatang saloobin kung may kinalaman ba ang mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto sa paggamit ng Filipino, pangkalahatang saloobin ukol sa uri ng pagtanggap sa paggamit ng Filipino ng mga mag-aaral, at ang pangkalahatang saloobin sa paggamit ng Filipino bilang midyum sa mga piling asignatura.

Talahanayan 1

**Pangkalahatang Saloobin ng Paglalahad ng mga Dahilan Kung Bakit Nais o Ayaw ng mga Mag-aaral ang Paggamit ng Filipino**

| Dahilan | Nais | | | Dahilan | Ayaw | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | Ranggo | | f | % | Ranggo |
| **1. Magamit ang Wika** | 25 | 41.67 | 1 | 1. Mahirap | 13 | 21.67 | 2 |
| **2. Kahalagahan/ Kailangan** | 15 | 25.00 | 2 | 2. Pagsasayang ng Oras | 16 | 26.67 | 1 |
| **3. Nakakatulong** | 8 | 13.33 | 3 | 3. Boring | 7 | 11.67 | 5.5 |
| **4. Ginamit Lang** | 2 | 3.33 | 6 | 4. Nagamit na sa Sekondarya | 7 | 11.67 | 5.5 |



CC BY SA

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **5. Sariling Atin** | 6 | 10.00 | 4 | 5. Hindi Kailangan | 8 | 13.32 | 4 |
| **6. Madaling Gamitin** | 6 | 6.67 | 5 | 6. Walang Kapakinabangan | 7 | 15.00 | 3 |
| **Kabuuan** | 62 | 100.00 | | Kabuuan | 58 | 100.00 | |

Ipinakikita sa talahanayan 1, ang pangkalahatang saloobin ng paglalahad ng mga dahilan kung bakit nais ng mga mag-aaral ang paggamit ng Filipino ay ang mga sumusunod: magamit ang wika, 25 o 41.67% (ranggo 1), kahalagahan/ kailangan, 15 0 25% (ranggo 2), nakakatulong, walo (8) o 13.33% (ranggo 3), sariling atin, anim (6) o 10% (ranggo 4), madaling gamitin, anim (6) o 6.67% (ranggo 5), at ginamit lang, dalawa (2) o 3.33% (ranggo 6).

Samantala, may mga kadahilanan kung bakit ayaw nila ang paggamit ng Filipino. Ayon sa mga mag-aaral, pagsasayang ng oras, 16 o 26.67 % (ranggo 1), mahirap, 13 o 21.67% (ranggo 2), walang kapakinabangan, pito (7) o 15% (ranggo 3), hindi kailangan, walo (8) o 13.32% (ranggo 4), at boring at nagamit na sa sekondarya, pito (7) o 11.67% (ranggo 5.5).

Talahanayan 2

**Pangkalahatang Saloobin Ukol sa Paggamit ng Filipino sa mga Piling Asignatura sa Antas Tersarya**

| **Asignatura Ayon sa Kurikulum** | **Nais** | | | **Ayaw/ Wala** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | Ranggo | f | % | Ranggo |
| **GEC 5 (Purposive Communication)** | 10 | 14.08 | 4 | 13 | 26.53 | 2 |
| **GEC 2 (Readings in Philippine History)** | 17 | 23.94 | 2 | 19 | 38.78 | 1 |
| **GEC 1 (Understanding the Self)** | 16 | 22.53 | 3 | 7 | 14.28 | 4 |
| **GEM 14 (The Life and Works of Rizal** | 28 | 39.43 | 1 | 10 | 20.41 | 3 |
| **Kabuuan** | 71 | 100.00 | | 49 | 100.00 | |



CC BY SA

Ipinapakita sa Talahanayan 2, ang pangkalahatang saloobin ukol sa paggamit ng Filipino sa mga piling asignatura sa antas tersarya. Makikita na karamihan sa mga mag-aaral na nais gamitin ang Filipino sa mga sumusunod: GEM 14 (The Life and Works of Rizal), 28 o 39.43% (ranggo 1), GEC 2 (Readings in Philippine History), 17 o 23.94% (ranggo 2), GEC 1 (Understanding The Self), 16 o 22.53% (ranggo 3), at GEC 5 (Purposive Communication), 10 o 14.08% (ranggo 4) Samantala, ang mga ayaw sa paggamit ng Filipino, ayon sa mga sumusunod: GEC 2 (Readings in Philippine History), 19 o 38.78% (ranggo 1), GEC 5 (Purposive Communication), 13 o 26.53% (ranggo 2), GEM 14 (The Life and Works of Rizal), sampu (10) o 20.41% (ranggo 3), at GEC 1 (Understanding The Self), pito (7) o 14.28% (ranggo 4).

Talahanayan 3

**Pangkalahatang Saloobin Kung May Kinalaman Ba ang mga Uri ng Pag-uulat, mga Sulatin at Proyekto sa Paggamit ng Filipino**

| Tugon | f | % | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Mayroon** | 87 | 72.5 | 1 |
| **Wala** | 33 | 27.5 | 2 |
| **Kabuuan** | 120 | 100 | |

Tinalakay sa Talahanayan 3, ang pangkalahatang saloobin kung may kinalaman ba ang mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto sa paggamit ng Filipino. Karamihan sa mga tugon ay, mayroon, 87 o 72.5% (ranggo 1). Ayon sa mga mag-aaral, mayroong kinalaman ang paggamit ng Filipino sa mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto. Tatlumpu't tatlo (33) o 27.5% (ranggo 2), bilang ng tugon ng mga mag-aaral na walang kinalaman ang mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto sa paggamit ng Filipino.

Talahanayan 4

**Pangkalahatang Saloobin Ukol sa Uri ng Pagtanggap sa Paggamit ng Filipino ng mga Mag-aaral**

| **Tugon** | **Negatibo** | | | **Positibo** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | Ranggo | f | % | Ranggo |
| **Hindi Mahalaga** | 5 | 8.33 | 5 | 25 | 41.67 | 2 |



CC BY SA

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pagsasayang ng Oras** | 10 | 16.67 | 3 | 28 | 46.67 | 1 |
| **Boring** | 14 | 23.33 | 2 | 3 | 5 | 3.5 |
| **May Kadalian** | 7 | 11.67 | 4 | 3 | 5 | 3.5 |
| **Ginamit Lang** | 24 | 40.00 | 1 | 1 | 1.66 | 5 |
| **Kabuuan** | 60 | 100.00 | | 60 | 100.00 | |

Sa Talahanayan 4, ipinakikita ang pangkalahatang saloobin ukol sa uri ng pagtanggap sa paggamit ng Filipino ng mga mag-aaral.

Karamihan sa mga mag-aaral na may negatibong tugon sa uri ng pagtanggap sa paggamit ng Filipino ay may tugon na, ginamit lang, 24 o 40.00% (ranggo 1), boring, 14 o 23.33% (ranggo 2), pagsasayang ng oras, sampu (10) o 16.67% (ranggo 3), may kadalian, pito (7) o 11.67% (ranggo 4), at hindi mahalaga, lima (5) o 8.33% (ranggo 5).

Karamihan sa mga mag-aaral na may positibong tugon sa uri ng pagtanggap sa paggamit sa Filipino ay may tugon na, hindi pagsasayang ng oras, 28 o 46.67% (ranggo 1), mahalaga, 25 o 41.67% (ranggo 2), hindi boring at madali, tatlo (3) o 5% (ranggo 3.5), at ginamit lang, isa (1) o 1.66% (ranggo 5).

Talahanayan 5

**Pangkalahatang Saloobin sa Paggamit ng Filipino Bilang Midyum sa mga Piling Asignatura**

| **Tugon** | **Negatibo** | | | **Tugon** | **Positibo** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | Ranggo | | f | % | Ranggo |
| **1. Hindi Mahalaga** | 13 | 39.39 | 1 | 1. Kailangan | 46 | 52.87 | 1 |
| **2. Kailangan Lang** | 9 | 27.27 | 2 | 2. Mahalaga | 11 | 12.65 | 4 |
| **3. Bawasan ang Gamit sa mga Asignatura** | 2 | 6.07 | 6 | 3. Nakatutulong | 16 | 18.39 | 2 |
| **4. Huwag Gamitin** | 3 | 9.09 | 4 | 4. Madaling Gamitin | 1 | 1.15 | 5.5 |
| **5. Mahirap Gamitin** | 3 | 9.09 | 4 | 5. Gamitin Pa sa Ibang Asignatura | 1 | 1.15 | 5.5 |



CC BY SA

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **6. Boring** | 3 | 9.09 | 4 | 6. Sariling Atin | 12 | 13.79 | 3 |
| **Kabuuan** | 33 | 100.00 | | Kabuuan | 87 | 100.00 | |

Inilalarawan sa Talahanayan 5, ang pangkalahatang saloobin sa paggamit ng Filipino bilang midyum sa mga piling asignatura. Matutunghayan na karamihan sa mga negatibong tugon ay may kadahilanan na ang Filipino ay, hindi mahalaga, 13 o 39.39% (ranggo 1), ito ay kailangan lang, siyam (9) o 27.27% (ranggo 2), boring, mahirap gamitin, at huwag gamitin, tatlo (3) o 9.09% (ranggo 4), at bawasan ang gamit, dalawa (2) o 6.07% (ranggo 6).

Sa mga tumugon ng positibo, karamihan ay nagsabi na, kailangan, 46 o 52.87% (ranggo 1), nakatutulong, 16 o 18.39% (ranggo 2), sariling atin, 12 o 13.79% (ranggo 3), mahalaga, 11 o 12.65% (ranggo 4), at madaling gamitin, gamitin pa sa ibang asignatura, isa (1) o 1.5% (ranggo 5.5).

**Buod ng mga Natuklasan**

Narito ang mahalagang natuklasan sa pag-aaral na ito.

1. Paglalahad ng Saloobin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Filipino sa mga Piling Asignatura sa Antas Tersarya

1.1 Saloobin Ukol sa Dahilan Kung Bakit Nais o Ayaw Nila ang Paggamit ng Filipino.

Karamihan sa mga kadahilanan ng mga mag-aaral kung bakit nais nila ang paggamit ng Filipino ay ang mga sumusunod: ang magamit ang wika, mahalaga/ kailangan, nakatutulong, sariling atin, madaling gamitin at ginamit lang.

Samantala, 58 o 48.33% ng mga mag-aaral ay may kadahilanan din kung bakit ayaw nila ang paggamit ng Filipino sa mga piling asignatura. Ayon sa kanila, pagsasayang ng oras, mahirap, walang kapakinabangan, hindi kailangan, boring at nagamit na sa sekondarya.

1.2 Saloobin Ukol sa Paggamit ng Filipino sa mga Piling Asignatura sa Antas Tersarya

Karamihan sa mga mag-aaral ay nais ang paggamit ng Filipino sa mga piling asignatura. GEM 14 (The Life and Works of Rizal), ang una sa ranggo, GEC 2 (Readings in Philippine History), ang pumangalawa, GEC 1 (Understanding the Self), ang pumangatlo at GEC 5 (Purposive Communication), ang nasa ikaapat na ranggo. Ito ay batay sa frequency distribution na 71 o 59.16% ng mga mag-aaral na nais gamitin ang Filipino sa mga piling asignatura.

1.3 Saloobin Kung May Kinalaman Ba ang mga Uri ng Pag-uulat, mga Sulatin at Proyekto sa Paggamit ng Filipino

Ayon sa karamihan ng mga mag-aaral 87 o 72.5% ay nagsasabi na mayroong kinalaman ang mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto sa paggamit ng wikang Filipino. Samantalang 33 o 27.5% bilang ng mag-aaral ang nagsasabi na walang kinalaman ang mga uri ng pag-uulat, mga sulatin at proyekto sa paggamit ng Filipino.

1.4 Saloobin Ukol sa Uri ng Pagtanggap sa Paggamit ng Filipino ng mga Mag-aaral

Animnapu o 50% sa mga mag-aaral ang may negatibo at positibong tugon ukol sa uri ng pagtanggap sa paggamit sa wikang Filipino. Ang mga negatibong tugon ay ang mga sumusunod: hindi mahalaga, pagsasayang ng oras, boring, may kadalian at hindi kailangan.

1.5 Saloobin sa Paggamit ng Filipino Bilang Midyum sa mga Piling Asignatura



CC BY SA

Bilang midyum sa mga piling asignatura, 33 o 27.50% ng mga mag-aaral ay may negatibong tugon sa kadahilanang ang wikang Filipino bilang midyum ay hindi mahalaga, kailangan lang, bawasan ang gamit sa mga asignatura, huwag gamitin, mahirap gamitin at boring.

Sa mga positibong tugon (87 o 72.50%) karamihan ay nagsabi na kailangan, mahalaga, nakatutulong, madaling gamitin, gamitin pa sa ibang asignatura at sariling atin.

**KONGKLUSYON**

Batay sa mga natuklasan, ang mga sumusunod na kongklusyon ay maibibigay:

1. Nakararami sa mga respondent ay sumasang-ayon na gamitin ang Filipino sa mga piling asignatura ng General Education Curriculum (GEC) sa antas tersarya.

2. Sa mga respondent ay napatunayan na batid nila na ang paggamit ng Filipino ay isa sa mga wikang panturo sa mga piling asignatura sa antas tersarya.

3. Ang walang pagkakaibang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino ay nagpapakita ng kanilang positibong pagtanggap sa Filipino ay kinakailangan sa kanilang pagkatuto.

**MGA SANGGUNIAN**

Benito,J.J.,(2023) Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Antas Sekondarya, Global Scientific Journals,Volume 11, Issue 2. http://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/Kahandaan_ng_Guro_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_sa_Antas_Sekondarya.pdf

Dayag, A. M., Del Rosario, M.G., G. (2017). Komunikasyong at pananaliksik tungo sa wika at kulturang Pilipino. Karampatang-ari 2017 ng Phoenix Publishing house, Inc. 927 Quezon Ave., Quezon city. https://stemsanjuangroup8.wordpress.com/komunikasyon-at-pananaliksik-sa-wika-at-kulturang-pilipino/

Dominguez, D. K. (2022). Ang Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo sa Larang ng Agrikultura. Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research (formerly Benguet State University Research. http://portal.bsu.edu.ph:8083/index.php/BRJ/article/view/312

Juancho,C.,(2021). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at Kaalamang Pangnilalaman. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, Vol. 9, No. 1. https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-001a.pdf

Mayor-asuncion, A. M. (2015). Doon o dito, ganoon o ganito: isang paggalugad sa pananaw ng guro hinggil sa kanyang papel sa pagtuturo ng Akademikong Wikang Filipino sa antas tersyarya. Luz y Saber, 9(1&2). https://ejournals.ph/article.php?id=9805

Madula, R.,Quiore,L., (2019) Tayo na sa Wika'Skwela: Ang Papel ng Sining sa Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Bata at Kabataang Pilipino sa Venezia, Italya. 12th DLSU Arts Congress,De La Salle University, Manila,



CC BY SA

Philippines. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/arts-congress-proceedings/2019/FAC-05.pdf

Mendoza, R. J. (2008). Ang kurikulum na Filipino: Saan patutungo sa hamon ng globalisasyon?. Malay, 20(2). https://ejournals.ph/article.php?id=9312